

Mga nilalaman ng pagsusuri at mga paalala (Mangyaring tignan ang mga item na iyong susuriin)	
Mga mandatoryang aytem	※Kung may mga paalala sa iyong ticket o papel, mangyaring basahin din ang mga ito.
Karaniwang paalala	①Mag suot ng damit na madaling hubarin at tatanggalin ang mga alahas o aksesorya/accessories. ②Para sa mga buntis, bawal sumailalim sa screening para sa бага, breast at cervical cancer. ③Kung kinakailangan ng tulong o assistant ay magsama ng isang kasama.
Lung Cancer Screening	①Mangyaring magsuot ng plain na T-shirt/(Walang disenyo). Bawal ang inner wear tulad ng bra-top, mga plastic na butones, metal na lock ng bra, lace, o iba pang palamuti sa damit.
Colon Cancer Screening	①Kumuha ng sample ng dumi, simula 4 na araw bago ang araw ng pagsusuri. Kumuha ng 2 sample sa loob ng 2 magkaibang araw. ②Huwag kumuha kapag ikaw ay may regla. ③Kung isa lang ang nakuha niyong sample o wala ay paki dalahin ang lahat ng lalagyan sa araw ng pagsusuri at ipaalam sa staff. ④Sa sasailalim lamang ng colorectal cancer screening ay magkakaroon ng mas maagang oras ng pagpaparehistro. Maaari ring iwan ang iyong appointment sa isang miyembro ng pamilya na sumasailalim sa screening sa parehong araw.
Gastric Cancer Screening 【Sa hindi pupwede sumailalim】 • Nakapag opera sa bahagi ng tiyan • Ang mga may nakaraang matinding allergy sa barium contrast agent. 【Nangangailangan ng PAG-IINGAT】 • Sa mga nahihirapang lumunok o madaling mabulunan (panganib sa aspirasyon) • Sa may malalang tibi o constipation • Sa mga hindi kayang tumayo o sumuporta sa sariling timbang.	①Hapunan hanggang 10:00 PM. (Maaari pang uminom ng tubig bago matulog, ngunit bawal ang alak) ②Sa araw ng pagsusuri 2 hours before pupwede pang uminom ng 1 basong tubig. Huwag nang kumain o ngumuya ng chewing gum, o manigarilyo. ※Para sa mga may gamot sa high blood o sakit sa puso, inumin ito gamit ang kauting tubig (hanggang 200ml) hanggang 2 oras bago ang pagsusuri. Huwag inumin ang gamot sa diabetes o insulin bago ang check-up. Para sa iba pang gamot, makipag-ugnayan sa iyong doctor. ③Magpapalit ng damit para sa screening sa loob ng medical vehicle. ④Pagkatapos ng screening, huwag kalimutang inumin ang laxative (gamot pampadumi) na binigay sa inyo.
Breast Cancer Screening	①Sa mga kasalukuyang nagpapasuso o wala pang 6 months mula nang itigil ang breast feeding ay hindi pupwede sumailalim ②Bukod sa kondisyon binanggit sa itaas no.1, maaari pang magkaroon ng ibang dahilan kung bakit ka pwedeng suriin. ※May mga ibang pasyente sa loob (mga babae) na makakasama habang naghihintay, magdala ng sariling panakip sa katawan.
Cervical Cancer Screening 【Sa mga hindi pupwede】 • Sa nagpatanggal ng matres. • Sa buntis o may posibilidad na buntis • Wala pang karanasan sa pakikipagtalik. Pagsusuri sa kanser sa prostate Pagsusuri sa dugo para sa panganib sa kanser sa tiyan Pagsusuri para sa hepatitis	①Kung sakaling may regla o menstruation, mangyaring makipag-ugnayan para baguhin ang schedule ng appointment. ②Ang mga wala pang karanasan sa pakikipagtalik ay HINDI maaaring sumailalim dito. Kung nais mo magpasuri, mag-aaply nang direkta sa ospital o institusyong medical. (ang mga walang karanasan sa pakikipagtalik dahil ito ay karaniwang karaniwang sanhi ng HPV virus). Blood test. ※Ang pagsusuri sa tiyan at hepatitis ay para lamang sa may {40-health checkup coupon}.
Pagsusuri sa osteoporosis	Magsuot ng madaling hubarin sa paa o paghubad ng medyas.

※Mag-abiso nang maaga para sa kanselasyon o pagpapalit ng appointment.

※Limitasyon para dito ay isang beses lang kada taon ang parehong uri ng pagsusuri.

Ang ilang pagsusuri ay isang beses lang kada dalawang taon.